


Valley Transportation Authority

# *FACT SHEET:* Real Estate

## VTA's Transit Oriented Development project at Branham Park-and-Ride

### Pangkalahatang Ideya

Matatagpuan ang lote ng Park-and-Ride ng Istasyon ng Branham sa kanto ng Branham Lane at Narvaez Avenue, kanluran ng SR-87 sa San Jose. Sa kasalukuyan, ginagamit itong lote ng park-and-ride para sa mga pasahero ng tren ng VTA. Ang 2.5 na ektaryang lugar ay potensyal na magagamit para sa Transit-Oriented Development (TOD), na may kasamang magagandang proyektong dinesenyo na may espasyong pangresidensyal at panlibangan na kayang lakarin ang distansya sa pampublikong transit.

### Transit-Oriented Development

Ang Transit-Oriented Development ng VTA ay nakikipagtulungan sa munisipyo, sa non-profit, at pribadong mga kasosyo para magpasigla ng pagpapaunlad sa pabahay, tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong para dumami ang mga sumasakay sa mga transit at makapag-ambag sa sigla ng komunidad. Kasama sa mga kahilingan ng Transit-Oriented Development ng VTA na ang 20% ng pabahay sa isang partikular na site ay dapat na abot-kaya ang halaga.

Para sa ari-ariang ito, may pakikipagsosyo ang VTA sa Office of Supportive Housing (Tanggapan ng Pagsuporta sa Pabahay) ng Santa Clara. Pinangangasiwaan ng Office of Supportive Housing ang Affordable Housing Bond (Murang Bono ng Pabahay) ng 2016 Measure A. Pinasisigla ng sosyohang ito ang pagpapaunlad ng murang pabahay, kabilang ang mga pagpipilian para sa murang pagmamay-ari ng tahanan.

### Mga Layunin

- Ihanda ang site para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, na magsisimula sa pakikipag-ugnayan ng komunidad
- Humimok ng pagpapaunlad, kasama na ang mga opurtunidad para sa murang pabahay na malapit sa transportasyon
- Nagsusulong ng disenyong pang-urban na nagpapaganda ng bangketa para madali itong lakaran, maaccess ng bike, at pag-uugnay sa transit
- Nagdaragdag sa pangmatagalang buwis para sa mga operasyon ng transit

### Mga Resulta

- Pabahay na malapit sa mga istasyon ng transit na nagseserbisyo sa mga sambahayan na may iba't ibang antas ng kinikita, na tumutulong sa paglutas ng mga krisis sa pabahay sa rehiyon
- Mga benepisyong pangkalusugan ng publiko at pangkapaligiran, kabilang na ang mas malinis na hangin at mas bumaba ang greenhouse gas
- Pagdami ng mga sumasakay at pagbaba ng pagkaumaasa sa sariling sasakyan, na nakakatulong para ayusin ang daloy ng trapiko
- Pagpapahusay ng pakikipagsabayan sa ekonomiya – Ang mga lokasyon sa TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Pampamayan at pampiskal na mga Pakinabang – Ang TOD ay maaaring magdulot ng malaki-laking katipiran sa mga sambahayan (mas kaunti ang nagagastos sa transportasyon ng mga taong nakatira malapit sa transit)

### Eskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

Nagsisikap ang VTA para paunlarin ang hangaring pakikipagtulungan sa komunidad. Walang espesipikong proyekto na kasalukuyang iminumungkahi para sa lokasyong ito.

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**Community Outreach ng VTA**
(408) 321-7575
(408) 321-2330 TTY
*www.vta.org/branhamdevelopment*
*community.outreach@vta.org*